




MALAY

TOMO XXXIII BLG. 1 • DISYEMBRE 2020

Ang *Malay*, isang multi/interdisiplinaring journal sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle na internationally refereed at abstracted, ay inililimbag makalawa isang taon sa ilalim ng pamamahala ng De La Salle University Publishing House para sa Pamantasang De La Salle. Bilang journal na multi-disiplinari, nagtatampok ang *Malay* ng mga papel, pananaliksik, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa iba't ibang disiplina sa larangan ng Araling Filipino. Ang mga ideya, pagkukuro, at paninindigan ng mga may-akda ay pananagutan nila at hindi repleksyon ng mga paghahaka at patakaran ng mga patnugot, ng kaguruan, o ng pangasiwaan ng Pamantasang ito.

Halaga ng Taunang Subskripsyon: Laybrari/Silid aklatan, institusyon sa labas ng Pilipinas: US\$40 (surface mail), US\$50 (koreo). Indibidwal/Isahan: US\$25 (surface mail), US\$35 (koreo). Halaga ng subskripsyon sa Pilipinas para sa laybrari at institusyon: PhP1,500/Isahan: PhP1,300. Makipag-ugnayan kay *Joanne T. Castaños* sa anumang detalye tungkol sa subskripsyon o mag-mail sa: joanne.castanares@dlsu.edu.ph

Karapatang-ari © 2020 ng Pamantasang De La Salle

Reserbado ang lahat ng karapatan. Alinmang bahagi ng librong ito ay hindi maaaring kopyahin o isulat sa anumang anyo maging ito ay palimbag o elektroniko, o kaya'y itanghal nang pormal at may bayad nang walang pahintulot ng tagapaglathala o ng may-akda.

ISSN: 0115-6195

Published by De La Salle University Publishing House
2401 Taft Avenue, Manila 0922 Philippines
Telefax: (63 2) 523-4281
Email: dlsupublishinghouse@dlsu.edu.ph
Websites: <http://www.dlsu.edu.ph/offices/publishing-house/default.asp>
<http://www.ejournals.ph>

*Ang De La Salle University Publishing House
ang tanggapang pampublikasyon ng Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Mga Patnugot

Florentino T. Timbreza

Punong Patnugot

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Rowell D. Madula

Ko-Editor

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Dolores R. Taylan

Tagapamahalang Editor

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Internasyonal na Lupon ng mga Patnugot

Efren Abueg

Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

JC Gaillard

The University of Auckland, New Zealand

Aurelio Agcaoili

University of Hawaii, USA

Roberto Javier

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Satoshi Ara

Fukushima University, Japan

Bievenido Lumbera

Unibersidad ng Pilipinas

Joi Barrios-Leblanc

University of California, Berkeley, USA

Jovy Peregrino

Busan University of Foreign Studies, South Korea

Aurora Batnag

*Pambansang Samahan sa Linggwistika at
Literaturang Filipino*

Epifanio San Juan Jr.

*Philippine Cultural Studies Center, Connecticut,
USA*

Pamela Constantino

Unibersidad ng Pilipinas

Rolando Tolentino

Unibersidad ng Pilipinas

Antonio Contreras

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Tereso Tullao

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Rommel Curaming

University of Brunei Darussalam, Brunei

Nelson Turgo

Cardiff University, United Kingdom

Feorillo Petronilo Demeterio

Pamantasang De La Salle, Pilipinas



MALAY

Mga Nilalaman

MULA SA EDITOR

Florentino T. Timbreza
Rowell D. Madula

vii

MGA NATATANGING LATHALAIN

Si Ernesto Constantino at ang Wikang Filipino: Intelektuwal na Talambuhay ng isang
Haligi ng Lingguwistika at Pagpaplanong Pangwika sa Pilipinas /
*Ernesto Constantino and the Filipino Language: Intellectual Biography of a Pillar
of Linguistics and Language Planning in the Philippines*
Jay Israel B. De Leon 1

Si Bayani S. Abadilla at ang Pagkatatag ng Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas 22
Bayani S. Abadilla and the Founding of Filipinology in the Polytechnic University of the Philippines
Maria Victoria Rio-Apigo

Madre, Feminista, at Aktibista: Pakikipanayam Tungkol sa Pilosopiya at Praxis 37
ni Sr. Mary John Mananzan, OSB /
*Nun, Feminist, and Activist: An Interview on the Philosophy and Praxis of
Sr. Mary John Mananzan, OSB*
Leslie Anne L. Liwanag at Carlo Angelino M. Romero

Ontolohiya, Materyalidad, Metapora, at Transgresyon: Haraya ng Dagat sa mga Piling 52
Kuwento ni Gremer Chan Reyes /
*Ontology, Materiality, Metaphor, and Transgression: Oceanic Imaginings in
Gremer Chan Reyes's Selected Stories*
Joanne Visaya Manzano

Ang Naratibo at Diskurso ng Overseas Filipino Workers sa Kontemporaryong Pelikulang Pilipino / 66
The Narrative and Discourse of Overseas Filipino Workers in Contemporary Filipino Films
Juanito N. Anot Jr.

Panimulang Pag-aaral sa Diskursong Pangkasarian sa Araling Filipino sa Pamantasang De La Salle <i>Preliminary Study on the Gender Discourse in Filipino Studies at De La Salle University</i> Lorenzo Miguel S. Buenaflor	82
MGA KONTRIBYUTOR	99
PANAWAGAN PARA SA KONTRIBUSYON SA MALAY	101

Mula sa Editor

Maraming hatid na pagbabago ang pandemyang Covid-19 sa buhay nating mga Pilipino lalo na sa sektor ng edukasyon.

Una na rito ang pagbabago sa modalidad ng pagtuturo at pagkatuto. Simula nang ipagbawal ang face-to-face na mga klase, napilitan ang mga paaralan na maghanap ng paraan para maituloy ang pagbubukas ng klase sa mga paaralan. Nariryan ang paggamit ng mga modyul kung saan tinitiyak ng mga guro na ang mahahalagang konsepto at kaalaman ay maihahatid pa rin sa mga estudyante. Kasama rin sa mga modyul na ito ang mga paraan para tasahin ang mga natutuhan ng mga estudyante mula sa binasang modyul.

Bagamat matagal ng sinusubukan ng mga paaralan ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo at pagkakatuto, sa panahon ng pandemya, napilitan ang mga paaralang gawing isa ito sa mga pangunahing modalidad sa pagsasagawa ng kanilang mga klase. Sa pamamagitan ng mga online learning module at mga video conferencing platform, sinusubukan ng mga guro at estudyante na gawin ang kanilang makakaya upang maitawid ang mga klase sa panahong ito ng pandemya.

Isang malaking hamon para sa mga guro at estudyanteng Pilipino ang online learning sa panahong ito ng pandemya. Pangunahin na rito ang kakulangan, kawalan ng kahandaang mga fasilidad ng mga kumpanya para magbigay ng serbisyo sa malaking populasyon ng bansa. Mahina ang signal sa maraming bahagi ng bansa kaya malaking problema ng mga guro at estudyante sa akses sa Internet. Bukod pa ryan ang pangangailangan sa mga kagamitan tulad ng tablet, laptop, at smart cellphone sa pagsasagawa ng online learning.

Ngunit isa sa mga hindi gaanong natatalakay ukol sa pagsasagawa ng online o blended learning ay ang kahandaan mismo ng mga magulang at mga estudyante rito. Sa mahabang panahon, nasanay tayong pumupunta ng eskuwelahan ang mga estudyante, isang espasyong nakalaan at nakadiseno para sa pagkatuto. Pero sa kasalukuyan, kinakailangang gawin sa loob ng bahay ang pag-aaral. Para sa mga pamilyang maliliit lamang ang bahay, isang malaking hamon ang paghahanap ng espasyo para sa pagkatuto. Nariryan din ang maraming nagaganap sa loob ng isang bahay na malaki ang epekto sa pagsasagawa ng pagkatuto online.

Malaki rin ang epekto ng pandemya sa pagsasagawa ng pananaliksik sa kasalukuyan lalo na sa mga kalitatibong pananaliksik na gumagamit ng metodong pakikipanayam o pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Kailangang alalahanin ang physical distancing sa pagsasagawa nito. Sa akademya, iniwasan pa rin ang pisikal na pagkikita para sa isang panayam. Ang pakikipag-ugnayan at pakikipag-usap sa mga susing tao sa pananaliksik ay kailangang gawin sa pamamagitan ng tawag, text, at online na pagpapadala ng mensahe. Hamon din ang paghahanap ng mga kaugnay na pag-aaral lalo na at maraming mga aklatan, kundi man lahat, ang hindi maaaring puntahan sa kasalukuyan.

Sa kabila ng lahat ng ito, nananatili ang dedikasyon ng *Malay* sa pagbabahagi ng mga pananaliksik sa Araling Pilipinas sa panahong ito ng pandemya. Maaaring basahin online ang mga isyu ng *Malay*, simula pa noong ito'y unang inilimbag hanggang sa mga pinakabagong isyu nito'y maaaring iakses para basahin. Isa ito sa mga ambag ng *Malay* bilang journal, ang maihatid sa mga mambabasa ang mga pananaliksik na may kinalaman sa wika, kultura, at identidad natin bilang mga Pilipino.

Kaugnay nito, matutunghayan sa bagong isyung ito ng *Malay* ang mga natatanging pananaliksik na isinagawa ng mga Pilipinong iskolar ukol sa Araling Pilipinas.

Mahalagang ambag ang papel ni **Jay Israel B. de Leon** sa paglalahad ng buhay at papel sa kasaysayan ng pagpaplanong pangwika at lingguwistika sa bansa ni Ernesto Constantino. Gamit ang dulong ng pagsulat

ng intelektuwal na talambuhay, makikita sa papel ang mga kontribusyon ni Constantino sa pagtataguyod ng pambansang pagkakaisa at pagkakakilanlan sa ating kontemporaryong kasaysayan. Sa paghagilap ng mananaliksik ng mga primaryang datos para ilahad ang talumbahay ni Constantino, higit na naipakita ang mga ideya nito sa pagbubuo ng pambasang kaakuhan lalo na sa usapin ng wika.

Samantala, tinutukan naman ng pag-aaral ni **Maria Victoria Rio-Apigo** ang buhay ni Bayani S. Abadilla kaugnay ng pagsusulong ng Araling Pilipino at Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Sa kasalukuyan, ilang pamantasan pa lamang sa bansa ang mayroong programa na may tuon sa Araling Pilipino o Araling Pilipinas na maituturing na isang hamon lalo pa't may pangangailangang patuloy na saliksikin at aralin ang ating pagka-Pilipino. Si Abadilla ay isang kilalang manunulat, pero sa papel na ito, binibigyan tayo ni Rio-Apigo ng bagong mukha ni Abadilla, isang Abadilla na iskolar at progresibo. Mahalaga ang mga ganitong klaseng ambag sa pagtatampok ng mga Pilipinong intelektuwal bilang bahagi na rin ng pagsusulong ng maka-Pilipinong pag-unawa sa ating pagka-Pilipino.

Itinampok naman sa papel nina **Leslie Ann L. Liwanag** at **Carlo Angelino M. Romero** ang mga ideya at ideolohiya ni Sr. Mary John Mananzan, OSB. Sa pamamagitan ng paglalahad ng kaniyang panayam, makikita ang mga tiyak na salitang mula kay Sr. Mary John, isang kilalang peminista, relihiyoso, progresibo, at ngayon bilang pilosopo. Lagi nating nakikita at naririnig si Sr. Mary John na nagpapahayag ng kanyang mga saloobin at pananaw sa iba't ibang isyung panlipunan. Sa panayam na isinagawa nina Liwanag at Romero, ang mga direktang pahayag na sagot ni Sr. Mary John sa kanilang mga katanungan ay nagbibigay sa atin ng mas malinaw na mukha ng isang Pilipinang nakababad sa mga panlipunang gawain at usapin.

Tulad ng binabanggit ni **Joanne V. Manzano** sa kaniyang papel pananaliksik, manipis ang mga pag-aaral tungkol sa panitikang maritimo sa Pilipinas sa kabila na tayo ay isang kapuluan. Sa kaniyang pag-aaral, sinuri ni Manzano ang mga akda ni Gremer Chan Reyes, isang mahalagang manunulat ng panitikang Sebwano at nagtatampok ng karagatan bilang espasyo sa lipunan at bilang sentral na lunan sa buhay at kasaysayan ng mga Pilipino. Nakapag-aambag ang papel na ito sa pag-uugnay ng mga akda ni Reyes sa ontolohikal na lagay ng dagat sa epistemolohikal na representasyon at gamit nito sa pang-araw-araw na buhay gamit ang panitikan.

Binasa at pinag-aralan naman ni **Lorenzo Miguel S. Buenaflor** ang mga disertasyong iniharap at ipinasa sa programang PhD Araling Pilipino na may tuon sa wika, kultura at midya sa Pamantasang De La Salle na nasa ilalim ng araling gender. Pinag-aralan nito ang topograpiya ng pagdikurso sa kasarian ayon sa mga paksa/layunin, metodolohiya, teksto ng pananaliksik, metodo, teoretikal na batayan, at bibliyograpiya ng bawat disertasyon. Sa papel na ito, binibigyang hugis ang nabubuon ng diskurso at korpus ng mga pag-aaral na may kaugnayan sa kasarian, seksuwalidad, at gender sa kontekstong Pilipino.

Malaki ang papel ng pelikula sa buhay at lipunang Pilipino. Gayundin, sinasabing sa bawat pamilyang Pilipino ay mayroong magulang, kapatid, pinsan, lolo't lola, o kamag-anak na nangingibang bansa. Dahil dito, isang interesanteng papel pananaliksik ang isinulat ni **Juanito N. Anot Jr.** na nakatuon sa pagsusuri ng mga pelikulang nagtatampok sa buhay at karanasan ng mga OFWs. Gamit ang semyolohiya ni Roland Barthes, nakita ang iba't ibang mito at tema na nangingibabaw sa mga pelikula tulad ng pagiging domestic helper, ang pagpapakita ng magagandang tanawin sa ibang bansa, ang ilegal na pananatili o pagtratrabaho, ang pagkakaroon ng mabubuting amo, at ang mga tauhang kabit o nangangaliwa.

Sa bagong isyung ito ng *Malay*, higit na napatutunayan ang kahalagahan ng pananatili ng paggamit at pagtalakay ng wikang Filipino bilang batis ng diskurso ng kasaysayan, kaakuhan, kamalayan, at panitik ng mga Pilipino. Bilang pangwakas ay muli't muling ipinaabot at ipinadarama natin ang lubos na paghanga't pagpupugay sa kahusayan at kasipagan ng aming katuwang sa paghahanda at pagsasaayos sa mga nailathalang artikulo sa kasalukuyang isyu—si Bb. Joanne Castañares.

Florentino T. Timbreza
Rowell D. Madula